Pagpapakilala sa Privacy

Ie-explore ng mga kalahok ang kanilang indibiduwal na pagkakaroon ng privacy at ang epekto na mayroon ito sa kanilang mga buhay. Isasaalang-alang ng mga kalahok ang mga uri ng impormasyon na gusto nilang panatilihing pribado at ang mga konteksto na magbabahagi sila o hindi ng partikular na impormasyon.

Mga Material

Handout ng Privacy Game

Ano ang Ibig Sabihin ng "Privacy" Sa Iyo?

Laro tungkol sa Privacy

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Ipamahagi ang Handout ng Privacy Game.

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Gumagawa ka ng mga desisyon tungkol sa iyong privacy araw-araw, lalo na kapag nag-o-online ka at ginagamit ang iyong cellphone o ibang mga digital na device. Madalas, maaaring hindi ka naglalaan ng maraming oras sa pag-iisip tungkol sa bawat isa sa mga desisyong ito. Pero ang lahat ng ito ay bumubuo ng pag-unawa mo tungkol sa privacy.

Ang privacy ay ang kakayahang magtakda ng mga malalaman ng ibang tao tungkol sa iyo. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng ilang partikular na bagay tungkol sa iyong sarili (katulad ng pagsasabi sa ibang tao ng iyong tirahan o libangan) o paggawa ng mga bagay kasama ang ibang tao (katulad ng pagpunta sa isang tindahan kasama ang iyong kaibigan at pagpili ng iyong pinaka gusto). Kahit saan ka man, sa isang silid aralan o sa internet, mahalaga ang privacy.

Ang privacy ay batay sa iyong sariling mga desisyon. Ang kahulugan ng privacy ay nagiiba kada tao. Kung mas malinaw ang pinapapahalagahan natin bilang pribado, sa ating impormasyon at kung gaano hinuhubog ng ating kaugalian kapag tayo ay gumagamit ng internet, makakapili tayo ng impormasyon na gusto nating ibahagi sa iba.

Ngayon makikilahok tayo sa isang laro tungkol sa privacy (tingnan ang handout ukol sa Privacy Game) at iyong mga saloobin tungkol dito. Punuin ang iyong handout, ikutin ang silid aralan at ipakilala ang iyong sarili sa isa pang kalahok. Magsalitan kayo ng iyong kaklase ng mga tanong na nasa handout. Huwag ipakita ang handout sa iba pang mga kalahok! Hindi kokolektahin ang inyong mga handout — malaya mong madadala ito sa bahay o itapon ito kung gusto mo.

Sa bawat pag-uusap, dapat magbahagi ang bawat kalahok ng kahit tatlong sagot sa mga tanong. Maaari kang magbahagi ng mas marami pa sa tatlo. Maaaring piliin din ng mga kalahok kung alin sa tatlo o higit pang piraso ng impormasyon ang kanilang ibabahagi. Gaano karaming impormasyon ang ibabahagi ng bawat kalahok? Anong impormasyon ang ibabahagi ng bawat kalahok? Maglakad at mag-usap tayo!

Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Pupunan ng mga kalahok ang handout. Pagkatapos, payagan ang mga kalahok na maglakad sa room nang 15 minuto at makipag-ugnayan sa bawat isa. Pagkatapos,

sumali sa isang talakayan kasama ang buong grupo gamit ang mga sumusunod na tanong. Sa huli, tiyakin na itatapon o dadalhin ng mga kalahok ang kanilang mga handout — dahil hindi kukunin ng nagtuturo ang mga papel.

Talakayan

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Mayroon bang mga impormasyon na hindi mo naibahagi sa sinuman? Alin? Bakit?

Aling mga impormasyon ang ibinahagi mo? Bakit?

Gumawa ba ang lahat ng parehong desisyon tungkol sa ibabahagi? Bakit / bakit hindi?

Depende sa kung kanino ka nagbabahagi, bakit maaari kang magbahagi nang mas marami o mas kaunti ng ganitong uri ng impormasyon? Kailan mo ito ibabahagi?

Mayroon bang anumang bagay na ibinahagi mo sa panahon ng aktibidad na ito na hindi mo dapat ibinahagi sa lahat ng kilala mo? Bakit hindi?

Pampubliko ba ang uri ng impormasyong ito? Pribado? Bakit? Pareho ba ito sa lahat?

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Gaya ng narinig mo pa lang, gumawa ang mga tao ng iba't ibang desisyon tungkol sa kung ano ibabahagi at kung ano ang hindi ibabahagi. Mayroon din silang iba't ibang dahilan para sa kanilang mga pagpili.

Ang ginawa natin ay isang laro. Pero ginagawa natin ang parehong uri ng mga desisyong ito araw-araw sa totoong buhay. Nagdedesisyon tayo kung magpo-post o hindi ng mga partikular na litrato sa social media. Nagdedesisyon tayo kung gusto nating gawing nakapubliko o hindi ang partikular na impormasyon para makontak, tulad ng ating email address, sa ating mga social media account. Ang magpagpapasyahan natin ay maaaring iba kaysa sa pagpapasyahan ng ating matalik na kaibigan o kahit ang napagpasyahan natin noong nakaraang buwan. Kahit gumagawa tayo ng mga parehong desisyon sa dalawang magkaibang partikular na panahon, maaaring iba ang ating mga dahilan.

Ang iba't ibang desisyon at dahilan na ito ay kumakatawan sa ating personal na pag-unawa ng privacy.

Sa madaling salita, ang privacy ay tumutukoy sa kung paano natin pinipiling pamahalaan ang impormasyon tungkol sa ating mga sarili. Maaaring kasama sa impormasyong ito ang mga bahagi ng ating mga pagkakakilanlan, aktibidad, kagustuhan, karaniwang ginagawa, at iba pang aspeto ng ating mga buhay. Sa

digital na mundo ngayon, mas marami na ngayong pagkakataon para magbahagi sa iba ng impormasyon tungkol sa ating mga sarili. Kaya mahalaga na malaman natin ang ating sariling pag-unawa sa privacy, at isipin natin kung komportable tayo o hindi sa pag-unawang iyon.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Batay sa iyong pag-uugali sa laro tungkol sa privacy, gayundin ang iyong pag-uugali sa araw-araw na buhay, paano mo bibigyang-kahulugan ang privacy? Bakit?

Ang lahat ba ng pribadong impormasyon ay lihim din?

1. Hindi kinakailangan. Halimbawa, maaaring hindi lihim ang iyong kaarawan sa paraan ng paglalagay sa diary. Maraming tao sa mundo ang alam ang iyong kaarawan at kung sino ang dapat makaalam nito, katulad ng iyong mga magulang / tagapag-alaga o ang iyong doktor. Pero dahil hindi lihim ang isang bagay, maaari mo pa rin itong ituring na pribado. Karamihan sa atin ay ayaw na malaman ng lahat ang ating kaarawan dahil para sa atin ang impormasyon na iyon ay para lang sa mga taong malapit sa atin o mga taong may partikular na dahilan para malaman ang impormasyon na dapat nilang makuha. Ang mga uri ng desisyon na ito tungkol sa kung sino ang dapat makaalam ng isang bagay tungkol sa atin, kailan, at bakit ay ang susi sa privacy.

Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Mayroon bang ibang mga bagay na hindi kinakailangang maging lihim na maaaring gusto mong manatiling pribado mula sa mga taong hindi mo gaano kilala / mga taong kakakilala mo lang?

1. Mga numero ng telepono, email, litrato, video, atbp.

Mayroon bang ibang mga bagay na dapat mong ilihim sa iyong mga magulang / tagapag-alaga o iyong mga kaibigan? Ang iyong mga guro o iba pang mga tagapagturo?

1. Ang iyong mga resulta sa paaralan, ang iyong Instagram account, ang iyong diary.

May natutunan ka ba sa iyong personal na pag-unawa ng privacy na ikinagulat mo?

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Maaari mong dalhin ang Privacy Game pagkatapos nating matapos ngayong araw! Ngayon na mas iniisip mo ang tungkol sa privacy, makakakita ka ng hindi mabilang

na mga pagkakataon para gumawa ng mga pagpili araw-araw kung saan gagawin mo ang iyong sariling pag-unawa ng privacy.

Takdang Aralin

Takdang Aralin

Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ngayon tatalakayin natin ang kahalagahan ng privacy nang mas malalim.

1. Gamit ang internet, maghanap ng tatlong halimbawa kung saan nagbahagi o nag-post ang isang tao ng bagay na personal na sa pananaw mo ay dapat panatiliing pribado. Ang mga artista, pulitiko, o namumuno sa negosyo ay pwede ninyong gamitin. Maari ka ring gumamit ng hashtag para makahanap ng iba't ibang halimbawa. Subukang maghanap ng iba't ibang mapagkukunan (hal., mga litrato, video, post na batay sa text, tulad ng mga ginawang comment ng isang tao sa social media at / o news media platform) sa iba't ibang mga paksa.

2. Para sa bawat halimbawa, bumuo ng isang talatang paglalarawan na kung bakit pipiliin mong manatiling pribado ang impormasyong ito, Sa iyong talata, pakipaliwanag kung / paano nagbabago ang iyong personal na opinyon sa pagbabahagi ng impormasyong ito depende sa konteksto (hal.,kung kanino ka nakikipag-ugnayan, ang bilang ng mga taong kasama sa pakikipag-ugnayan, layunin at kapaligiran [paaralan vs. sa labas ng paaralan]).

Assignment

Bigyan ang mga kalahok ng 40 minuto para tapusin ang gawain.

Ang mapagkukunan sa pag-aaral na ito ay ginawang available ng Youth and Media sa Berkman Klein Center for Internet & Society sa Harvard University sa ilalim ng Creative Commons Attribution-ShareAlike 4.0 International na lisensya. Pwede mo itong gamitin, kabilang ang pagkopya at paghahanda ng mga hinangong gawa, pang-commercial o hindi pang-commercial na gamit, basta't iuugnay mo ang Youth and Media bilang orihinal na pinagmulan at ibabahagi ang anumang higit pang gawa sa ilalim ng parehong mga tuntunin. Makikita rin sa online ang mga ito at ang karagdagang mapagkukunan sa pag-aaral sa Berkman Klein's Digital Literacy Resource Platform.